REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

# KAPASIYAHAN BILANG 92-262

KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA PAMBANSANG DAANG-BAKAL NG PILIPINAS (PNR) NA MAGSAGAWA NG REGULAR NA PAG-IINSPEKSYON NG MGA TRABYESA SA DAANG-BAKAL.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

Ipinanukala ni : KGG. NOLASCO L. DIAZ

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, isa sa mga tungkulin ng Sangguniang Bayan ay ang pagtitibay ng mga hakbang upang mapangalagaan ang mga naninirahan sa mga lugar na nasasakupan nito mula sa anumang kapahamakan likas man o gawang tao;

SAPAGKAT, ang pagmimintina ng kaayusan ng mga trabyesa at iba pang may kinalaman sa daang-bakal na matatagpuan sa alinmang lokal na pamahalaan ay iniatang ng batas sa Pambansang Daang Bakal (PNR);

SAPAGKAT, ang mga trabyesa sa daang bakal na sakop ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay nangangailangan ng masusing pag-iinspeksyon;

SAPAGKAT, layunin ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ang madaliang pagsasaayos ng mga trabyesa sa daang bakal upang maiwasan ang anumang sakuna o kapahamakan na maaaring idulot ng pagkasira nito;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na humihiling sa Pambansang Daang-Bakal ng Pilipinas (PNR) na magsagawa ng regular na pag-iinspeksyon ng mga trabyesa sa daang-bakal.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 199th regular na pulong na ginanap ngayong ika-20 ng Abril 1992 sa Bulwagan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. REY E. BULAY
konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. ANANIAS P. SIMUNDAC
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG.VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINAGTIBAY :

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts